# Mal

Dulang may Isang Yugto

Buod

Nagsimula bilang tangkang adaptasyon sa *Trojan Women* ni Euripides, nabuo ang panibagong istorya ng *Mal*, isang laro sa salitang Espanyol para sa “masama” at ang ideya ng “malware,” isang klase ng software na nakadisenyo para pumasok at manira ng mga umiiral na functional operating system.

Sa *Mal*, naghahalo-halo at naglalaban-laban ang salaysay ng iba-ibang tauhan: sa birtuwal na mundo, itinatambak ang Ina, Kabiyak, Mutya, Buwang, Binhi, at Tagapagtawid, mga nilalang na pinipilit bumuo ng isang malinaw na kuwento mula sa kanilang nawawala’t putul-putol na alaala ng isang digmaan; sa pisikal na mundo namang batbat ng pulitikal na pandarahas at sapilitang pagpapalaho (enforced disappearances), naroon ang Nanay, Estudyante, Asawa, ang Magsasaka. Pinagkakabit/ pinaghihiwalay ang dalawang mundo ng mga Diyos—ang Diyos ng Wala at Diyos ng Mayroon.

Habang binubuo ng mga tauhan sa birtuwal na mundo ang kanilang rekoleksyon ng digmaan, binubuno naman ng mga tauhan sa pisikal na mundo ang laban para makatakas mula sa pandurukot ng militar at ang dahas ng estado laban sa ordinaryong mamamayan. Sa bawat nawawala sa pisikal na mundo, nadaragdagan ang mga tauhan sa birtuwal. Sa bandang huli, ang magsasakang dinukot ng military ay makakatakas habang ang estudyanteng nadakip ay nanatiling nawawala sa pisikal na mundo; samantala, sa birtuwal na mundo, magpapakita ang isang binhi, na nabuhay lang para itulak sa kawalan. Pare-parehong natutuhan ng mga tauhan sa lahat ng mundo na ang digmaan ay hindi lamang pisikal, kundi digmaan ng kahulugan at memorya.

Mga Tauhan

<u>Mga Diyos</u>
Diyos ng Wala
Diyos ng Mayroon

<u>Mga Birtuwal na Tauhan</u>
Ang Ina
Ang Kabiyak
Ang Mutya
Ang Buwang
Ang Binhi
Ang Tagapagtawid

<u>Mga Tunay na Tao</u>
Estudyante
Nanay
Asawa
Magsasaka

Koro na nagpapalit-palit ng papel at tagatahi sa mga salaysay ng lahat ng tauhan

Lugar at panahon—sa isang environment na naghahalo ang mga kuwento ng "totoong" mundo at ng birtuwal na espasyo.

***

*Sa umpisa ng dula ay maririnig ang tunog ng mga elektronikong gadget at kisap ng mga ilaw. Unti-unting magiging busy ang performance space, mula sa vague na mga tunog ay magiging mas tiyak—tunog ng dial up modem, mga tagline sa videogames, mga patalastas sa cable Internet at DSL, imahen ng diskettes at flash drives, laptops at tablets. Maglalakad sa iba't ibang direksyon ang iba't ibang tauhan na may reference sa digital/ gaming/ Internet culture, isang malasapot na highway ang kanilang paglalabas-pasok—dancing baby, Bert is Evil, Ermehgerd Girl, Derp Face, Harlem Shake characters, Nyan Cat, Wow Doge, Hadouken pictures, Wrecking Ball references, ads para sa mail-order bride, Elevator Girl sa SM, Magic Sing Girl, Super Mario o Contra na pumapatay ng kalaban, na magiging coins o mabubuhay uli (ie-emphasize na nabubuhay sila tuwing namamatay), Flappy Bird, Plants vs. Zombies, etc.*

*Magpapatuloy ang ganitong andar ng kaguluhan, naglalakad bagaman hindi nagkakabunggo o hindi nagkakatinginan. Inaasahang maingay at nakakasuya sa mata ang eksena, isang nakakasilaw na chaos.*

*Unti-unting mapapalitan ang tunog ng sound clips mula sa mga balita na may kaugnayan sa pagpaslang at pang-aabuso, partikular sa Pilipinas—I am sorry ni GMA, No to VFA, Hacienda Luisita, ZTE-Scandal, Zamboanga Crisis, Yolanda, kahit na anong relevant na balita. Muffled at patse-patse ang mga tunog, at habang umaandar ito ay papasok ang itstruktura ng isang kabayo, sa pagpagitna ng kabayo sa performance space, papasok din (o lalabas mula sa kabayo) ang mga nilalang na walang anyo, papalibot sa paligid ng performance space, humahalo sa audience habang umaandar ang iba pang mga tauhan.*

*Lalayo sa sentro ng performance space ang ilang mga tauhan upang umastang tagagamit ng computer na aastang hahawak ng mouse, nagta-type sa laptop, nagsa-swipe sa tablet, naglalaro ng videogame, naglalabas-pasok sila mula player/user papunta o pabalik sa sapot na ginagawa nila.*

*Papasok ang DIYOS NG WALA (DNW) at ang DIYOS NG MAYROON (MAYROON) Umaali-aligid ang mga TUNAY NA TAO. Ang katangian ng dalawang diyos ay mga tagapagsalaysay na humahati sa mga eksena, nagta-traverse sa harang ng tagapanood at mga nagtatanghal. May emphasis na hindi umiiral ang mga Tunay na Tao sa birtuwal na espasyo hanggang bago sa huling bahagi. Magsasalita ang* TAGAPAGTAWID.

TAGAPAGTAWID:

Ang tatlong yugto sa Palabas ng pag-aabang:

Unang yugto; Ang pag-alala at pag-aalala,

Ikalawang yugto; ,Ang panibugho,

Ikatlong yugto; Ang pagtanggap,

Uulit-ulitin ang palabas, hanggang sa may magbalik,

DNW AT DNM:

Isang paulit-ulit na panganganak

At pagbabalik ng iniluwal sa sinapupunan.

KORO: (lahat maliban sa Diyos ng Wala At Diyos ng Mayroon)

Naghihintay kami sa isang pagdating,

sa isang bakas, sa isang pananda.

Sa isang kalsadang interseksyon

Ng Wala at Mayroon, lansangan ng kuwentong-imbento

At ng tunay na buhay, hawak ang pagkain

At tubig para sa dalawang klaseng tauhan.

Isa, ang hinihintay. Isa, ang inaabangan.

Doon sila magtatagpo,

Isang pagkikita, kung saan

Laging may isang nauuna , at ang isa pa, siya,

Siya, nasaan siya, nawawala siya,

DNM:

Isang pagtipa, pagkapa; Isang tiktik ng pag-click; paghagod, paghipo; sa huli, pagsasalita.

DNW:

Ito ang ating ating lagusan, mga pintong pintong kinakatok, bintanang isinasara…

DNM:

O binubuksan…

DNW:

O isinasara!

DNM:

Ang mundo ng mga salaysay.  diyos ng Wala?

DNW:

Diyos ng Mayroon.

MAYROON:

Sa anong durungawan magsisimula ang ating pagsasalaysay?

DNW:

Sa wala, natural.  Ang *Kaos*, dagat ng kawalan!

MAYROON:

Isang pinarangyang pangalan para sa wala naman!  Na pupunta sa *Cosmos*, ang kaayusan! Tingnan mo, marunong din akong makipagtagisan sa pagpapangalan.

DNW:

Sa Kosmos at Kaos na nagtatagisan, walang tiyak na una, gitna at huli.

MAYROON:

Mayroon tayong mga Diyos!

DNW:

Mga Panginoong walang iisang pangalan.

MAYROON:

Bawat batis ng pagsasalaysay at pangangailangan, mayroon ding panginoong katapat.  Diyos ng dagat, pag-ibig, kagandahan, karagatan, araw at buwan, pagkain, halaman, mga hayop.

DNW:

Walang maliit na bagay na walang Diyos na katapat, bagaman hindi palaging nariyan.  Minsan nariyan, minsan, nawawala.

MAYROON:

Pero sa ngayon, mayroon, tayong dalawa ang Panginoon!

DNW:

Walang namang ibang diyos sa paligid, e di angkinin na natin ang pangingibabaw sa maraming mundo.

MAYROON:

Ang mga mundong may rehistro sa limang pandama—nahahawakan, nalalasahan, napapakinggan-naaamoy-nakikita. Ang “tunay” na mundo.

DNW:

At ang mga mundong sa kuwento lamang nabubuhay, dumadaan sa iba’t ibang batis ng alaala, parang wala. Birtuwal. Halos wala…

MAYROON:

Halos mayroon.

*Magsasalita ang ESTUDYANTE, isang college student. Ang ibang linya ay maaaring sabihin ng KORO na naglalabas-pasok.*

ESTUDYANTE:

Sobrang saya ni Mama nung nakuha ko yung Best in Computer, grade four kami unang nagkaroon ng klase sa computer. Proud na proud siya, hindi niya kasi alam na ang ginagawa lang namin noon ay tukuyin ang parts of the personal computer.

This is the monitor.

This is the CPU or the Central Processing Unit.

This is the Keyboard.

Wala pang mouse, di pa uso yun noon.

Wala pang USB. Walang webcam, wala pa ring Internet noon. Hindi din marami ang computer, share-share nga kaming magkakaklase sa isang unit e, five to six persons per PC! Madalas nakapatay lang, tipid daw sa kuryente. Pero pag sinusuwerte, tuturuan kami kung paano mag-switch on ng computer. Bubuksan tapos papatayin lang uli.

Natatandaan ko, sabi ni Mama, kumakain pa kami noon sa Jollibee sa may Waltermart, pag nag-college ako kumuha raw ako ng kurso sa Computer para maging katulad raw namin yung kapitbahay naming engineer na yumaman dahil tungkol daw sa computer ang inaral. Yung pagkain ko noon ay Spaghetti Special saka Chickenjoy.

NANAY:

Pag may mga honor siya, lagi kaming kumakain sa Jollibee.  Sa Waltermart, dati sa Uniwide noong may Uniwide pa.  Natatandaan ko nung Grade Four siya, nanalo siya ng Best in Computer! Noon pa lang, alam ko na, malayo ang mararating niya, baka tulad nung kapitbahay namin nakatapos ng course sa computer, sabi ko sa kanya noon.

ASAWA:

Little Miss Bulacan 1985!  Binibining Aligasin sa Mutya ng Isdaan 1995!  Lakambini ng Paombong 1999!  Miss Centennial at Miss Bulacan World 2000!  Beauty and Peace, One Bulacan, One Philippines!

MAGSASAKA:

Magpa-missed call daw ako pag nakarating na ako.  Alas singko pa ang usapan pero alas tres nandoon na ako agad, Nagtext ako.  Dito na me.  Nagpa-missed call.  Excited e, unang Valentines namin.  Walang sumasagot, baka tulog pa.

Pag umaga kasi ay tumutulong siya sa pag-iisda, ganoon naman kami sa Laguna, paikot-ikot para mabuhay.  Minsan asa taniman ng bawang, minsan tumutulong mag-ani ng pinya o manghuli ng isda kung may mahuhuli pa  sa lawa.  Pero Valentines e!  Pahinga muna, minsan lang naman e.

Sanay na kami sa Sprite saka inihaw na atay sa kanto, o proven at tira-tira *(yung minatamis na candy ito)*.  Pero sa Mer-Nel's ang kitaan namin, doon sa may Maahas.  Valentines e!  Bumili

ako ng chocolate cake, buti pinakamura yung hugis-puso, wala pang dalawang daan.  Missed call ako nang missed call, baka tulog pa.

INA:

Hindi ito ang mundong kinagisnan ko.

TAGAPAGTAWID:

Hindi ko alam ang iyong sinasabi.

INA:

Hindi ito ang nauunawaan kong mundo.

TAGAPAGTAWID:

Anong mundo ang iyong tinutukoy?

INA:

Nasa dulo ng aking dila.  Hindi ko maisawika, pero hindi ito ang pagkakabatid ko ng "noon."

TAGAPAGTAWID:

Ang noon, magkuwento ka tungkol sa sinasabi mong "noon."

INA:

Nasa dulo ng aking dila.  Ang mundo bago ito.  Bago ang lahat.  Bago ang mga luha.  Ang mga pagpaslang.  *(may sudden na pasok ng alaala)* Ang dugo, ang guho, ang digmaan!

TAGAPAGTAWID:

Walang digmaan.  Walang dugo, walang luha, walang salita sa dulo ng iyong dila.  Wala ang lahat, katulad ng walang noon.

INA:

Ngunit may naaalala ko.

TAGAPAGTAWID:

May naaalala bagaman hindi maisawika.  Hindi iyan katotohanan, walang noon, walang lahat, walang salita sa dulo ng dila, walang luha at dugo, walang digmaan.

*Saglit na katahimikan.*

INA:

Nariyan ka.

TAGAPAGTAWID:

Narito ako.  Pansamantala.

INA:

Sino ka?

TAGAPAGTAWID:

Sino ako?

INA:

Sino ka?

TAGAPAGTAWID:

Sino ako!

INA:

Sagutin mo ang tanong ko.

TAGAPAGTAWID:

Ang tanong na gustong pasagutan ayon sa pagmamadali ng nagtatanong ay hindi na isang tanong, kundi isang utos.  Wala ka sa lugar para mag-utos.

INA:

Kung gayon, isang pakiusap.  Pakiusap, huwag mo na akong lituhin.

TAGAPAGTAWID:

Sige, kakausapin kita ayon sa iyong “pakiusap.”  Ako ay mensaherong tagapagdala ng dapat ninyong tanggapin.

INA:

Hindi kita maunawaan.

TAGAPAGTAWID:

Ibinigay ko ang ibig ng iyong pakiusap.

INA:

Ngunit wala akong nabatid sa iyong tugon.

TAGAPAGTAWID:

Wala, sa ngayon.  Sa ngayon, ako ang Tagapagtawid.  At ikaw, ikaw ang Ina.

INA:

Ina.

TAGAPAGTAWID:

Ina.

INA:

Bakit ko paniniwalang ang tatak na “ina” ang tunay kong tatak?

TAGAPAGTAWID:

Nag-aabang ka, hindi ba?

INA:

Wala akong inaabangan maliban sa isang malinaw na tugon.

TAGAPAGTAWID:

Kaya nga! Ang pag-aabang! Sa isang maliwanag na sagot, tulad ng isang babaeng naghihintay habang ang lalake'y nasa labas at nangangaso, nangangaso o nakikipagdigmaan, kung totoo ngang may digmaan pero wala, nag-aabang habang nagsusulsi o nagluluto o naglalaba, nag-aabang na umusbong ang binhing nasa sinapupunan, nag-aabang na magluwal, at kapag nagbunga, nag-aabang ng paglaki, ng pagsasanga-sanga, ng mga panibagong pamumunga. Sa huli ay pagkatuyot at pagkabulok, pag-aabang sa pagwawakas, kung mayroon man nito. Ikaw ay inang nag-aabang ng tugon, dito sa lugar sa pagitan ng liwanag at dilim at tunog at katahimikan. Ikaw ay inang nag-aabang ng hatol, ng iyong pagwawakas.

INA:

Hatol? Anong hatol, at bakit ako huhusgahan? May nagawa ba akong kasalanan?

TAGAPAGTAWID:

Hindi ako ang nagtatakda niyan, pero naitakda na.

KORO*:* LAHAT: (MALIBAN SA DNW, DNM AT INA)

TAGAPAGTAWID:

Sa ibang mundo, sa ibang panahon,
Oo, ibang kuwento na ito,

KORO:

At sa ibang kuwento at mundo,
May nagpapatintero, patinterong alam
Ngunit naiiba.  Dito sa kanilang bersyon,
hindi tisa o nabasag na paso ang pinangguguhit
ng linya, kundi tubig. Tubig na singdulas ng
mga kuwento ng nawalang kabataan,
tubig na pinapadausdos
nang paunti-unti mula sa kinuhang panalok—
dating galon ng pintura o lumang sisidlan
ng gatas, mga sisidlang sinaid na
ang mga dating lamang-loob.

DNW:

Wala naman tayong sinasabing may iisang punto ang lahat.

DNM:

Pero baka mayroon din, kung titingnan ang bawat piraso.  Mayroon pa kayang kikilos kung naitakda na nating mga Diyos ang buong plano?

DNW:

Kung hindi sila Diyos, wala silang magagawa diyan, kundi mag-abang, kung totoo ang hatol.

KORO: (MALIBAN SA DNW, DNM AT INA)

TAGAPAGTAWID:

Sa kalyeng ito, hindi ginagawa ang paligsahan

sa katirikan ng araw kundi sa pinakamalalim na gabi,

hanggang sa may tumawag, isang sigaw.

NANAY:

Mga anak, uwi na, gabi na!

KORO:

Ang mga nanay, nananawagan

Sa mga batang nagtutumakbo

Sa ilalim ng buwan.

Ang mga nanay, naghihintay,

NANAY:

Naghihintay,

TAGAPAGTAWID:

Palaging may naghihintay.

DNW:

Diyos ng Mayroon.

DNM:

Ano iyon, Diyos ng Wala?

DNW:

Alam mo bang walang iisang luto ng Spaghetti na magpapasaya sa panlasa ng lahat ng tao sa Sansinukob?

DNM:

Oo naman.  Pag ginoogle mo ang salitang “Spaghetti Recipe,” mayroon kang makikitang lampas sa dalawampu’t pitong milyong resulta!

DNW:

At walang isang klase na pwede sa lahat.  Pwedeng maging pwede sa isa o dalawa, o tatlo, pero sa lahat?   Wala yatang ganoon.

DNM:

Ang mayroon lang ay iyong timpla na nakabisado ng isa na nagugustuhan ng isa.  Iyong nanggaling mismo sa loob niya.

NANAY:

Ang di alam ng iba, paborito rin niya ang manok na prito lang sa bahay, yung tinimplahan ng toyo-suka-bawang, at yung Spaghetti na ketchup lang ang timpla, may kaunting giniling at syempre hotdog. Yung UFC pa nga na ketchup ang nakasanayan niya e.  Naku, pinapalaman pa niya sa pandesal, tandang-tanda ko!  Pag naglalambing yun, pag umuuwi sa bahay, sinasabi niya

ESTUDYANTE AT NANAY:

Mama, pa-UFC Spaghetti ka naman saka Fried Chicken.

NANAY:

Ganoon siya manlambing.

INA:

Nagugutom ako.

TAGAPAGTAWID:

Ang gutom ay isang guniguni.

INA:

Matagal pa ba bago dumating ang sinasabi mong hatol?

TAGAPAGTAWID:

Walang tagal o bilis.  Ang totoo lang sa ngayon ay ang ngayon.

INA:

Hindi ako naniniwala.

TAGAPAGTAWID:

Hindi ko kailangan ng paniniwala mo.

INA:

Hindi totoo ang mga sinasabi mo!

TAGAPAGTAWID:

Hindi mahalaga ang iyong mga sinasabi.

INA:

Kumakalam ang aking sikmura, isang pagkilos sa kaibuturan.  Nagugutom ako, bunga ng pag-

aabang.  Ugat ng isang nakalipas, isang digmaan, marahil, ewan ko, sa pagkakatanda ko ay may digmaan.  Ang alam ko lang, sa ngayon, ang ngayon ko ay hindi nag-iisang panahon.

TAGAPAGTAWID:

Isa kang matalinong ina na maraming imbentong-kuwento.  Iyon lang ang aking masasabi.

INA:

Sa ngayon?

TAGAPAGTAWID:

Sa ngayon.

INA:

Ano kaya ang sasabihin mo mamaya, o bukas, o sa kasunod na bukas?

TAGAPAGTAWID:

Kung may katiting na katotohanan sa iyong mga haka, mahal na Ina, baka mas makabubuti sa iyong huwag magtiwala sa iyong kausap, at maghintay, maghintay, maghintay.

MAGSASAKA:

Missed call ako ng missed call. May natanaw ako sa labas.  Mga lalaki, nakasibilyan pero may mga baril.  Pumasok yung dalawa, yung tatlo naghintay sa labas.  Lumapit sa akin, may

tinatanong na pangalan, pangalan ng kapatid ko. Sabi ko, opo, kapatid ko siya, pero hindi po kami nagkikita, matagal na. Sabi niya,

DIYOS NG WALA AT MAGSASAKA:

NPA ang kapatid mo, di ba?

MAGSASAKA:

Tumingin ako sa cellphone ko. Dead batt.

ESTUDYANTE:

Noong patapos na ako mag-college saka lang kami nagkasariling PC. Ayos lang, di naman Computer Science ang ipinasa ko sa UP. Sports Science. Sabi ni Mama, ayos lang. Ayos lang daw kahit hindi Computer Science

Isang beses, nag immersion kami sa Sa Sta. Cruz, Paombong. Malapit lang sa amin, kaya alam kong sikat sila sa mga alimango nila at tilapia, mga hipon at aligasin, lalo kapag pista. Maunlad na bayan ang Paombong, sa pagkakaalam ko. Kapag tumingin ka sa Internet, puro larawan ng mga pista at lamang-dagat ang makikita. Kaya nagulat ako doon sa napuntahan naming community.

Walang signal sa lugar nila, walang kuryente sa halos buong komunidad. Mga magsasaka at mangingisda ang nakatira doon. May mga anak na dikit-dikit ang edad, limang taon, apat,

dalawa.  Halos lahat ay hindi nag-aaral o nakapag-aral.  Yung iba, may mga mantsa ng sipon sa may nguso, madungis ang katawan.  Bundat ang tiyan, hindi sa pagkain kundi sa bulate.

*Babalik sa pag-uusap ng Ina at Tagapagtawid.*

INA:

Mabuti't wala akong anak.

TAGAPAGTAWID:

Wala kang anak?

INA:

Wala, o hindi ko maalala kung mayroon.  Ay naku, mabuti na lang din kahit paano.  Baka nadurog ang puso kong makita silang nagugutom sa harap ko, at wala akong magawa.

TAGAPAGTAWID:

Magutom, o mamatay sa digmaan kung mayroon man!

INA:

Isang napakasamang biro iyan!  Kung ako ay Ina't may anak na pumanaw, hindi ko alam kung paano pa mabubuhay.

TAGAPAGTAWID:

Mabuti na lang at walang digmaan at wala ka ring mga anak.

*Mapapansin ng Ina ang mga naglalabas-pasok na birtuwal na tauhan.*

NANAY:

Noong umuwi ako kinagabihan,

Naroon ang taong wala, naghihintay,

Pero noong hinagilap ko siya sa bulwagan,

Hindi ko siya makita kahit saan!

INA:

Hindi nila tayo nakikita o naririnig.

TAGAPAGTAWID:

Hindi rin natin sila nakikita o naririnig.

INA:

Sinungaling.

TAGAPAGTAWID:

Kilalang-kilala mo na ako.

INA:

Nagugutom ako.

TAGAPAGTAWID:

Ang gutom ay guniguni lamang.

INA:

Baka may pagkain ang isa sa kanila.

TAGAPAGTAWID:

Ang "gutom" ang guniguni, mas lalo ang pagkain.  At kung totoo mang may nakikita tayo at naririnig, masyado silang abala para alukin ka ng kahit ano.

INA:

Abala saan?  Ano ba ang pinagkakaabalahan ng mga nilalang sa mundong ito?

KABIYAK:

Ang asawa ko!

TAGAPAGTAWID:

Ayan na.

*Lalapit ang Kabiyak sa Ina.*

KABIYAK:

Ang asawa ko, nakita ba ninyo ang asawa ko?

INA:

Paumanhin, hindi ko alam ang tinutukoy mong "asawa."

TAGAPAGTAWID:

Alam ko kung nasaan siya.

KABIYAK:

Alam mo?  Nasaan?

TAGAPAGTAWID:

Sa digmaan!

*Magugulat ang Ina.*

KABIYAK:

Digmaan?

INA:

Sinabi mong walang digmaan, Tagapagtawid, niloloko mo ako.

TAGAPAGTAWID:

Wala akong alam sa iyong sinasabi.

KABIYAK:

Hindi ko matandaan, kung may digmaan man o wala, ang natatandaan ko lang ay ang pamamaalam.  Nagpaalam siya, nagpaalam at hindi bumalik, ni hindi siya lumingon noong umalis siya, dati-rati'y lagi naman siyang lumilingon, pero noon, hindi, hindi ko matandaan, natatandaan kong wala na siya, hinabol ko siya, hinabol ko siya pero wala na siya, nawawala ang asawa ko!

*Mapapatingin sa mga kasama at parang mahihiya.*

Paumanhin, masyado ba akong naging maingay?  Patawad, pinalaki akong naniniwala sa birtud ng pananahimik, sa pagkakatanda ko.

TAGAPAGTAWID:

Sige lang.  Magkuwento ka pa ayon sa gusto mo.

KABIYAK:

Ang asawa ko, siya ang pinakamahalagang bahagi ng buhay ko.

TAGAPAGTAWID:

Matangkad ba siya?  Maputi na parang porselana o parang sunog na uling o puwit ng palayok ang balat?

*Katahimikan, parang hindi matandaan ng kabiyak ang sinasabi.*

Mabuhok ba ang kanyang dibdib?  Ang tinig, para bang tunog ng kulog o ng matinis na sipol ng hanging dumadaan sa mga dahon?

KABIYAK:

Hindi, hindi ko masabi.  Parang nasa dulo…

TAGAPAGTAWID:

…dulo ng dila, at sa malayong likod ng isip.  Ganyan ba ang isang tapat ba kabiyak, ni hindi matandaan ang mga katangian ng taong pinakamamahal niya?

INA:

Huwag kang makikinig, anak, siya'y puno ng kasinungalingan.

TAGAPAGTAWID:

Ang sabi ng Inang hindi matandaan kung may anak siya o wala!

INA:

Para sa aking kapanatagan, pinipili kong magduda sa mga tanim mong salaysay.

TAGAPAGTAWID:

Isang matalinong pagpapasya.  Ikaw, kabiyak, ano ang pasya mo sa aking panghuhusga?

KABIYAK:

Totoo, hindi ko man nais, malayo ang agwat ng utak at ng dila sa ngayon.

TAGAPAGTAWID:

Sa ngayon.

INA:

Huwag mo siyang pangunahan!

*Titingin lamang at ngingiti ang Tagapagtawid sa Ina.*

ASAWA:

It was love at first sight.  Kinamayan niya ako after kong makoronahan.  Thank you, sir judge, thank you for choosing me.

DIYOS NG WALA AT ASAWA:

Is this your first time?

ASAWA:

sabi niya.  No, it's not my first time po, to join a pageant sabi ko.  Kayo sir, first time?  To join a pageant?

DIYOS NG WALA AT ASAWA:

Oo nandito lang ako for an assignment.

ASAWA:

Ang kisig-kisig niya!  Welcome to Paombong, Sir.  sabi ko.  Niyakap niya ako, beso-beso.  Bago siya humalik, sabi niya…

DIYOS NG WALA AT ASAWA:

Mas maganda ka pag hindi ka nagsasalita.

*Babalik sa eksena ng Tagapagtawid.*

TAGAPAGTAWID:

May sinasabi ka, tungkol sa iyong kabiyak?

KABIYAK:

Ang aking asawa.

TAGAPAGTAWID:

Ang iyong asawa.  Magkuwento ka, Kabiyak.

KABIYAK:

Hindi ko siya kayang ilarawan sa usapin ng mga malinaw na bakas ng pagkakatanda, marahil engkanto ng mga diyos o demonyo.  Pero may tiwala ako sa aking kutob.  May tiwala ako sa aking paghihintay.

INA:

Naniniwala rin ako sa iyo, anak.

INA:

Isang pakiramdam.

TAGAPAGTAWID:

Wala na siya.

KABIYAK:

Ano'ng sinabi mo?

TAGAPAGTAWID:

Ako ang Tagapagtawid, at sa akin nakaatas ang pagtawid sa balitang…wala na ang iyong kabiyak.

MAGSASAKA:

Wala po akong kasalanan!  Anak lang po ako ng magsasaka!  Sumisigaw ako pero wala silang ibang sinasabi kundi

DIYOS NG WALA AT MAGSASAKA:

kapatid ka ng NPA, NPA ka rin!

MAGSASAKA:

Gasgas na ang lalamunan ko kakasigaw.  Ilang araw na ba akong hindi kumakain o umiinom? Hindi ko mabilang, pag nakapiring ka pala nang matagal parang habambuhay ka nang nabubulag, wala nang oras, pero nagugutom na ako, nagugutom na po ako, kahit tubig lang po parang awa na ninyo!

Tumawa lang sila.  Usok, naamoy ko ang usok.  Binubugahan nila ako.  Nauuhaw po ako, kahit tubig na lang po.  Hindi po ako NPA.  Tumatawa sila.  Sinusubukan kong pintahin sa utak ko kung ano ang itsura ng mga boses na tumatawa.

DNM:

Diyos ng Wala?

DNW:

Ano iyon, Diyos ng Mayroon?

DNM:

Naniniwala ka bang ang isang taong nanonood ng mga pelikulang may eksena na pinupugutan ng ulo o ginagahasa o sinisilaban nang buhay, o naglalaro ng mga laro na puro patayan at sakitan, pag ang tao ay naglalaro ng ganoon, magiging bayolente ba siya? May epekto nga kaya?

DNW:

Wala nang epekto sa kanila yan, sawang-sawa na sila sa ganyan.

DNM:

Kung mayroon nga naman, baka nagugustuhan at nakakayanan.

DNW:

E ikaw, Diyos ng Mayroon, alam mo ba na ang pinakaunang videogame ay isang Cathode Ray Tube Amusement Device, na isang missile simulator? Sa totoo lang, lahat ng unang laro sa computer, o halos lahat, ay mga simulasyon ng gamit para sa digmaan o pagpatay.

DNM:

Mayroon ka bang gustong palabasin?

DNW:

Wala lang, nasabi ko lang. *(Tatawa)* Wala namang puntong pag-usapan ang mga larong panggera, laro-laro lang naman iyon di ba? Walang epekto sa kahit na sinong manood o maglaro.

MAGSASAKA:

May narinig ako,

DIYOS NG WALA AT MAGSASAKA:

Nganga!

MAGSASAKA:

Sabi nung isa.

DIYOS NG WALA AT MAGSASAKA

Nauuhaw ka kamo.

MAGSASAKA:

Sabi ng isa.  Opo, opo, kahit tubig lang po.  Mainit na tubig ang tumama sa mukha ko, sumundot sa ilong.  Ang panghi!  Ang alat!  Sinasara ko ang bibig ko pero sinasampal nila ako.  May humawak sa bibig ko.

DIYOS NG WALA AT MAGSASAKA

Bubusugin ka namin.

MAGSASAKA:

May nahulog sa bibig ko, mainit, mabaho! (*Nasusuka na naiiyak).* Tawa sila nang tawa. Diyos ko po, saang impiyerno ba ako napadpad?

*Babalik sa eksena ng Kabiyak.*

KABIYAK:

Ano ang nangyari sa asawa ko?

TAGAPAGTAWID:

Sinaksak ng sibat.

*Matitigilan ang Ina at Kabiyak, halata ang sakit sa balita.*

Pagkatapos ay kinaladkad ng kabayo para makita ng buong bayan ang kanyang pagkatalo.

KABIYAK:

Hindi, hindi iyan totoo!

TAGAPAGTAWID:

A, hindi nga, paumanhin. Siya nga pala'y hiniwa ang leeg gamit ang punyal na pangritwal, pagkatapos ay pinakain ang katawan sa isang tropa ng mga lobo!

INA:

Tigilan mo ang masamang biro.

TAGAPAGTAWID:

A, hindi!  Binalatan habang buhay pa siya at binuhusan ng alak ang katawan habang kinakadyot ng ‘sang batalyong sundalo ang tumbong!

INA:

Huwag mong lapastanganin ang patay!

TAGAPAGTAWID:

Patay?  Wala akong sinasabing may namatay.

KABIYAK:

Ngunit sinabi mong wala na ang aking asawa.

TAGAPAGTAWID:

Sabi ko, “wala na siya,” hindi “patay na siya.”  Malay mo, baka sa kasalukuyan ay nilalatigo siya sa isang plaza habang pinapalakpakan siya ng iba’t ibang tagapanood na may dugong maharlika? O nakabaon sa lupa, nakalibing ang lahat maliban sa ulong nakasungaw pa sa ibabaw, parang halamang may tumitirik na mata dahil unti-unting nasasakal ng nagsisiksik na putik at bato ng mundo!  O puwersahang pinanganga habang isa-isang pinapatae sa bibig niya ang mga kakampi niyang nahuli rin sa digmaan.  Importante pa ba iyon?  Pare-pareho lang naman iyan.  Bigyan mo man sila ng tatak—Maria, Renato, Hekabe, Roger, Hector, Andres, Melchor, kalaban o kakampi,

mananakop o sinasakop, nanalo o natalo, walang pinagkaiba.  Pare-pareho!  Basta sa ngayon, wala na siya.  Wala na ang iyong kabiyak.

KABIYAK:

Maaari ko ba siyang makita?

TAGAPAGTAWID:

Hindi mo makikita ang wala.

KABIYAK:

Panginoon, pakiusap!  Kung maaari po sana!

TAGAPAGTAWID:

Hindi ako Panginoon, ako’y simpleng tagapagtawid.

INA:

Kung gayon ay itawid mo ang katawan ng kanyang asawa.

TAGAPAGTAWID:

Ng kanyang ano?

KABIYAK:

Ang aking asawa, kung maaari.

TAGAPAGTAWID:

Hindi ko alam ang inyong sinasabi.

INA:

Halika anak, huwag kang mag-alala, magtiwala ka sa loob mo.  Sa loob mo, buhay siya.

TAGAPAGTAWID:

Wala na siya.

INA:

Huwag kang makikinig.  Nauunawaan kita.  Marahil, kung may sarili akong anak, baka may sarili akong anak, marahil kung mabalitaan kong napahamak siya'y maramdaman ko rin ang sakit na nararamdaman mo.

*Magbabago ang eskpresyon ng Tagapagtawid, halatang magagalit.*

TAGAPAGTAWID:

Sinungaling.

INA:

Huwag kang makiki…

TAGAPAGTAWID:

Sinungaling!

*Lalapit ang Tagapagtawid na parang sasaktan ang Ina pero hindi niya ito hahawakan.*

Sino ka para magsabing nauunawaan mo ang nararamdaman niya?  Nauunawaan mo ang sakit nila?  Kinaladkad ka na ba ng mga kabayo?  Nilatigo sa plaza?  Binalatan nang buhay, tinaehan sa bibig?  Huwag mong sabihing alam mo ang nararamdaman ng iba, dahil hanggang walang sibat na nakaumang sa lalamunan mo, hanggang walang punyal na dumudukot sa pusong kinukulong ng lawlaw at naagnas mong dibdib, hanggang walang pulutong na matigas na aring wawarat sa iyong sinapupunan at pagkatao, hindi mo ito mauunawaan!

*Babalik sa dating kalmadong pustura.*

TAGAPAGTAWID:

Mabuti na lang at wala naman talagang digmaan.

INA:

Isa kang baliw!

TAGAPAGTAWID:

Mahal na Ina.  Ikaw ang nagsasabing may katotohanan ang digmaan, ikaw ang nagtatanim ng pag-asang may isang kabiyak na uuwi para sa kasama mong nadudurog sa kaiiyak, pero wala

kang maipakita na kahit na anong patunay.  Ni hindi mo kayang patunayang isa kang Ina gayong tinanggap mo nang buong luwag ang iyong tatak na “Ina.”  Sino sa atin ang nabubuwang?

*Sa pananahimik ay papasok ang dalawang Diyos.  Nasa asta silang naglalaro ng videogames.*

*Aalis ang mga Diyos*

KABIYAK:

Ano ang mangyayari sa kanya?

TAGAPAGTAWID:

Mangyayari kanino?

KABIYAK:

Sa asawa ko, ano ang mangyayari sa kanya?

TAGAPAGTAWID:

Ano ba ang nangyayari sa wala?  E di wala.

*Susugurin naman ng Kabiyak ang Tagapamagitan.  Sasampalin ng Kabiyak ang Tagapamagitan pero mararamdaman din ng Kabiyak at ina na sinampal sila*

INA:

Ano’ng madilim na kapangyarihan ito?

TAGAPAGTAWID at KABIYAK:

Ano'ng madilim na kapangyarihan ito?

KABIYAK:

Ano'ng isinumpang mundo ito?

TAGAPAGTAWID at INA:

Ano'ng isinumpang mundo ito?

*Sisigaw ang Ina at mauulit ito ng ibang tauhan. Sisigaw din ang Kabiyak at mauulit ang pagkopya. Tatawa ang Tagapagtawid at matatawa rin ang lahat.*

TAGAPAGTAWID:

Kayo naman kasi, naghahanap ng sanglibong wala. Mga noon at mga digmaan at mga anak at kabiyak na wala naman dito sa harapan natin.

KABIYAK:

Sa loob ko, buhay siya.

TAGAPAGTAWID:

Mag-abang ka nang mag-abang, hanggang maging Ina ka ng paghihintay.

INA:

Totoo ang lahat, naniniwala ako.

TAGAPAGTAWID:

Paniwalaan ninyo ang gusto ninyo.  Basta, itinatawid ko lang ang dapat itawid.

INA:

Itawid ang hatol.

TAGAPAGTAWID:

Ang hatol ay ganap na.  Ang hinihintay na lang ay ang tamang “ngayon.”

KABIYAK:

Hatol para saan?

TAGAPAGTAWID:

Heto na naman tayo.

KABIYAK:

Sino ang tagagawad ng hatol?

TAGAPAGTAWID:

*(sa Ina)* ikaw na lang ang magkuwento dito.

KABIYAK:

Anong mundo ito, maaari bang malaman?

TAGAPAGTAWID:

Mahalaga pa ba iyon?

INA:

Gusto naming malaman kung nasaan kami.

TAGAPAGTAWID:

Narito kayo.

INA:

Saan?

TAGAPAGTAWID:

Dito.

TAGAPAGTAWID:

Isang kalsadang paikot-ikot nang paikot-ikot nang paikot-ikot.

INA at KABIYAK:

Paikot-ikot nang paikot-ikot nang paikot-ikot.

*Ilang beses na gagayahin ng dalawa ang linya, Papasok ang mga Diyos, patuloy sa panghihimasok ng espasyo gaya ng ginagawa sa umpisa  Magpapakita ang asawa.*

ASAWA:

Hindi ko inexpect yung magpapalipat-lipat kami.  Sa Bulacan na ako lumaki e.  I have my family there.  Sushal ko lang mag-english di ba?  Sabi niya, I should learn talaga, para mukhang disente sa mga kaibigan niya, sa mga asawa ng mga kaibigan niya. His Friends. His… wives' friends! Kunwari, siya raw si Marcos, tapos ako ang Imelda niya.  Malay ko raw

DIYOS NG WALA AT ASAWA

Balang araw, magiging First Lady ka.

ASAWA:

For the meantime, sasama ako kung saan siya maa-assign, Laguna, Quezon, Bicol, Nueva Ecija. Ako ang lucky charm niya e.  I miss my family.

Pag naiiwan ako sa apartment, o pinaghihintay niya sa sasakyan kasi may ginagawa siya, naglalaro ako.  Naglilibang.  Kunwari, nasa beauty pageant ako.  Miss World.  Miss Universe. Miss International.  Miss Intergalactic Miss Milkyway.  *(aarte na parang intro sa pageant)* Twenty seven twenty eight twenty nine…TURKEY!  Seventy eight seventy nine…HAITI! *(Maglalakad at madudulas)* Ay puke ng tilapia ang dulas *(babangon at kakaway)* GREECE!

DNM:

Diyos ng Wala?

DNW:

Ano iyon, Diyos ng Mayroon?

DNM:

Kapag nagpalit ako ng panibagong mukha, makikilala mo pa ba ako?

DNW:

Wala namang pinagkaiba ang mga mukhang iyan.  Pare-pareho lang silang lahat.

DNM:

May mga pagkakaiba naman, depende sa gusto mong ipakita.

DNW:

Walang iisang mukha dahil gumagamit ng mga maskara.  Baka naman kasi, wala talagang sariling mukha?

DNM:

Tayong mga panginoon, bumababa sa mga mundo ng tao, may dalang mga magkakaibang mukha, tingnan mo: ngayon, ako'y isang sisne…mayamaya'y isa nang kabayo, isang kambing, o isda, o eto, hindi ba ako kawangis ng tao?

DNW:

Dahil walang taong maaaring makakita ng mga tunay na anyo ng mga Diyos, tayo'y nanganganak ng mga maskara, mga avatara—isang matipunong lalake, o isang babaeng ubod ng kinis, walang limitasyon ang posibilidad!

DNM:

Bawat Diyos, may avatara.  Kahit Panginoon ng Kamatayan, nagmumukhang sanggol na walang kamuwang-muwang.

ESTUDYANTE:

Kinukuwento nila, habang nagsasalo sa instant noodles na dinamihan ang sabaw at dinagdagan ng asin, kung paano kinakaltasan ang kanilang mga huli o ani, na ang karamihan sa kikitain sana'y napupunta sa renta sa lupa o bangka, na kahit sila e hindi nakakain ang mga pagkaing inaani at hinuhuli nila.  Na nagugutom sila kahit maraming pagkain, kasi hindi sa kanila napupunta ang pagkaing pinaghihirapan nila.

Nahiya ako, natandaan ko kasi ang sarili ko noong mga nakaraang buwan.  Nalulungkot sa nawalang cellphone, nalungkot at pinaghirapan ang pagtututor at pag-ipon sa maliit na allowance para makabili ng pamalit, kahit second hand.  Tapos sila, hindi modelo ng telepono o signal ang dinaramdam.  Ano ba naman yung maliit na problema ko sa problema nila?

Kung may camera lang yung cellphone ko, alam kong nalitratuhan ko na yun.  Kailangan itong makita ng iba.  Tama ang sabi sa ED.

Mayaman ang Pilipinas.

Naghihirap ang Pilipino.

KORO: TAGAPAGTAWID, DNM, DNW

TAGAPAGTAWID:
Tubig ang nagluluwal sa larong ito.

KORO:
Isang panibagong laro,
Isang kuwentong naiiba sa nauna.

TAGAPAGTAWID:
Laro ng paglimot.

*Pinaliligiran ng mga Diyos ang Estudyante, na makikitang tumitingin ng telepono at papatayin ito.  Magpapakita saglit ang Tao na nasa anyo ng nanay.  Tumatawag, makikitang hindi niya makontak ang tinatawagan.  Makikitang naglalakad ang Estudyante.*

ASAWA:

Kasalanan ko naman kasi. Sabi niya,

DIYOS NG WALA AT ASAWA:

Sa sasakyan ka na lang maghintay.

ASAWA:

E ihing-ihi na ako. So dumiretso ako sa office. Doon ko unang nakita. Tatlo sila e, isang mag-asawa saka isang baby, inisip ko lang na mag-asawa sila kasi may kasamang baby e. Hindi na naman din mahalaga kung sino sila. Kasalanan ko naman talaga, hindi na lang ako nagpigil.

Ang cute-cute nung baby. Just like an angel. Nakita ko, kinuha niya, hinehele-hele. Ayaw ibigay ng mag-asawa, pero may nakaharang sa kanila, may mga baril. Kasalanan ko naman talaga. Yung baby, hinele-hele niya, hinalikan sa noo, *(parang naaalala ang nakitang eksena)* tapos, may dinukot siya sa bulsa niya, kinuha niya, parang ano, parang, parang kutsilyo, yung baby, yung baby! *(mapapasigaw nang malakas.)*

Simula nun, sinasama na niya ako, kahit sa loob ng barracks. Sa mga kampo. Kung saan siya may dapat gawin. Kasalanan ko naman kasi e.

KORO: LAHAT MALIBAN SA INA, KABIYAK AT MUTYA

Inaagnas ng ulan

ang kinis ng bagong-palitadang rebulto ng mga pinuno.

Hinuhubad nito ang bihis ng pinturang

nagkukubli sa bawat gaspang, biyak,

at butas ng mga sanggol na pader,

bubong, kalsada.

Galit sa ulan

Silang mga maraming itinatago.

*Balik sa eksena ng Ina at Kabiyak.*

INA:

Nagugutom ako.

KABIYAK:

Nauuhaw ako.

*Papasok ang Mutya.*

MUTYA:

Ang uhaw at gutom ay guniguni lamang.

*Saglit na katahimikan.*

KABIYAK:

Kagaya ka rin ba namin?

*Titingnan ng Mutya ang Kabiyak, ganoon din ang Ina.*

MUTYA:

Maduming mukha, punit-punit na kasuotan, lawlaw na suso sa isa at sa isa naman ay halos walang nakabakat na dibdib, ngiping naninilaw, inaabong buhok.  Ngayon, sabihin mo sa akin kung paano mo naisip na ihambing ang mga sarili ninyo sa akin?

KABIYAK:

Paumanhin, pero kung marunong lang akong manakit ay nagawa ko na ito sa iyo!

INA:

Ang ibig niyang sabihin, nag-aabang ka rin ba ng hatol mula sa di kilalang mga panginoon?

MUTYA:

Nag-aabang?  Ang ganitong alindog ay walang inaabangan.  Ako ang hinihintay!

*Susulpot ang Tagapagtawid.*

TAGAPAGTAWID:

At narito ka na.

MUTYA:

Narito na ako.  At ikaw ay narito na!

KABIYAK:

Kung ganoon ay hindi siya hahatulan?

TAGAPAGTAWID:

Hindi ko alam ang inyong sinasabi.

KABIYAK:

Ang hatol, para sa aming hindi alam kung ano ang pagkakasala!

INA:

Ikaw, kasamang may magandang mukha pero may bungangang mahilig sa pintas.  Ano ang iyong kasalanan?

MUTYA:

Mahalaga pa ba iyon?

TAGAPAGTAWID:

Tama ang sabi ng ating Mutya, mahalaga pa ba iyon?

KABIYAK:

Hindi mo alam ang iyong kasalanan?

MUTYA:

*(eksaheradong arte)* Wala akong kasalanan!

KORO: DNW AT TAGAPAGTAWID

Kawangis ang kuwento pero naiiba, naiiba dahil
Sa ibang bayan, sa ibang panahon, ang sanggol
na kawangis ng mga anghel, O maamong tupa.
Siya ay iniwan sa pinto ng lugar-sambahan.
Ang sanggol na parang iniluwal ng mga diyos. Hindi
Ito ang kuwentong alam ng lahat, pero kawangis.

NANAY:

sabi niya, pagkatapos ng isang immersion niya, gagawin na niya ang thesis niya. Isa na lang daw, last na, tapos uuwi na siya dito sa Bulacan para magsulat. Pagkatapos, kakain kami uli sa Jollibee sabi ko.

ESTUDYANTE AT NANAY:

Kahit yung spaghetti mo na lang na may UFC saka hotdog, ayos na ayos na. Konting kembot na lang, Ma,

NANAY:

Sabi niya. Di ko nasabi, uuwi na rin ang Papa niya mula sa Saudi. Kasama sa mga na-terminate sa kumpanya. Di bale, ga-graduate na naman siya, di ko na muna sinabi, masisira ang masayang kuwentuhan. Konting kembot na lang. May awa ang Diyos.

INA:

Walang kasalanan pero bilanggo kang kagaya namin?

MUTYA MAGSASAKA AT ESTUDYANTE:

"Wala akong kasalanan,"

MUTYA:

Laging ganoon naman ang sinasabi ng kahit na sinong nadarakip, hindi ba?

MUTYA MAGSASAKA AT ESTUDYANTE:

Wala akong kinalaman, wala akong nilalabag, walang dahilan para mapunta ako sa impiyernong ito…

TAGAPAGTAWID MUTYA at DIYOS NG WALA:

Bagaman walang impiyerno. *(tatawa nang sabay)*

MUTYA:

Mga kaibigan, mga kaibigang naghahagilap ng maraming wala, katulad din ninyo ako noon, bagaman wala namang "noon." Walang kasaysayan, walang nilalang na biniyayaan ng mukhang

kawangis ng mga diyos, dahil wala namang diyos, walang digmaan, walang kamatayan. Ang narito lang ay habambuhay na kagandahan. At ang laro, sumunod sa kung saan niya itawid, ngumiti, isuot ang maskara. Maging maganda sa paningin, pagkat laging may tumatanaw.

INA:

Nauunawaan kita. Huwag kang magpasindak. May alam ka, may kuwento ka. Ikuwento mo, ikuwento mo ang iyong noon.

MUTYA:

Wala akong dapat bigyang-liwanag. Ang aking mukha ang aking maskara't kalasag.

Tagapagtawid, kung muli mo akong paghihintayin ay bigyan mo ako ng pagkakaabalahan. Iyong gawaing pang-isa, huwag isama ang mga hindi-kagandahang bilanggong ito? Baka mahawa ako sa kanilang mga pagkukulang!

*May kukuning mansanas ang Tagapagtawid mula sa kanyang bulsa.*

TAGAPAGTAWID:

Heto, mahal na Mutya, magmunimuni kayo tungkol sa mga guniguni!

*Pagugulungin niya ang mansanas.*

Para sa "pinaka!"

*Lalabas ang dalawang Diyos at ang Magsasakang nakahiga, wala nang piring pero nakatali. Umaastang naglalaban ang dalawang Diyos.*

DNW:

Diyos ng Mayroon?

DNM:

Ano iyon, Diyos ng Wala?

DNW:

Wala nga bang kamatayan para sa mga mundong wala sa mundo ng tao?

DNM:

Mayroon bagaman bahagi ito ng kanilang laro.

DNW:

Walang linaw ang iyong sinasabi.

DNM:

Pero mayroon!  Basta kilalanin nating maraming mundo bukod sa napanghahawakan ng pandama ng tao.

DNW:

Ang mga mundong parang wala?  Parang laro-laro lang?

DNM:

Mga mundong may mga tao na hindi tao, mga diyos na hindi diyos, mga avatara at ekstensyon ng mga kawad at kuryente at larawan at tunog.

DNW:

Walang buhay.

DNM:

Pero mayroon.

DNW:

Walang namamatay dahil laging nabubuhay muli.

MAGSASAKA:

Nagsisimula sila sa kadena, pagkatapos ay kahoy naman, salit-salitan.  Sa likod, pagkatapos sa puwitan, sa likod ng tuhod.  Kapag napapaluhod ako, pinapabagon nila ako.  Pagkatapos uulit lang nang uulit.  Kung di nila ako iniihian sa mukha, pinapatingala nila ako at sinasaksakan ng hose sa bibig, sa ilong, dire-diretso, saka sasapakin sa tiyan.  Paulit-ulit, dire-diretso, hanggang sa marinig nila ang gusto nila.

Opo, NPA po ako.  Opo, ako po ang mensahero nila.  Opo, nakapatay na po ako ng Militar. Opo, masamang tao po ako.

*Maiiyak saglit.*

ASAWA:

Masasanay ka rin naman.  Parang pagsuot lang ng heels.  Parang pagtiis lang ng gutom para magkasya ang swimsuit o gown.  Pagngiti kahit nasisilaw sa ilaw at nagsasabi ng "World Peace," "Thank you for that question," "I'm so happy to be here." Thank you mabuhay Bulacan, mabuhay Philippines!

MAGSASAKA:

Isang araw, nagising ako dito sa kuwarto.  May narinig ako, sumisigaw.  Malakas, paulit-ulit,

ESTUDYANTE AT MAGSASAKA:

Estudyante po ako, hindi po ako NPA, nag-i-immersion lang po ako.

MAGSASAKA:

Pagkatapos, narinig ko ang hampas.  Alam ko ang tunog.  Naranasan ko rin ito.

*Aalis ang Magsasaka at ang mga Diyos.  Babalik sa tatlong nag-aagawan ng mansanas.*

*Mahahawakan at astang babasahin ng Mutya ang nakasulat*

MUTYA:

Para sa “pinaka.”  Iyon ang sabi.

KABIYAK:

Pakiusap, ibigay mo sa amin iyan.

MUTYA:

Pinaka-ano?  Ano kaya ang ibig sabihin?

KABIYAK:

Pinaka…maaaring pinakamatimpiin, pinakamabuti sa kilos at pananalita.

MUTYA:

Ang pinaka, marahil, ang ibig sabihin ay para sa “pinakamaganda,” *(mapapatingin sa Ina)* o pinakamatanda kaya?

*Kukunin ng Ina ang mansanas.*

INA:

Pinakanagugutom.

*Iaalok ang mansanas sa Kabiyak.  Kakagat ng isa ang Kabiyak at ibabalik sa Ina.*

Marahil ang marami nating mga guniguni at palagay ay dulot ng tiyang walang kalaman-laman.

*Magpapatuloy sa bahagian ng prutas. Maglalakad-lakad ang Nanay, tumatawag-tawag.*

NANAY:

Wala pa ring signal, hindi pa kaya tapos ang immersion?

MUTYA:

Anong oras kaya siya babalik?

INA:

Naniniwala ka nang may oras bukod sa "ngayon?"

MUTYA:

Matandang kaibigan, wala akong intensyong makipagtalo. Ngunit, totoong nakakainip ang paghihintay. Kwentuhan mo ako.

INA:

Tungkol saan?

MUTYA:

Tungkol sa atin, sa iyo, sa kanya, sa mga natatandaan nating noon.

KABIYAK:

Paumanhin, pero ano ang silbi ng pagsasalaysay kung sinasabi mong hindi ka naman naniniwala?

MUTYA:

Basta hindi sa bibig ko magmumula, wala akong dapat ikabahala.  Dali, magkuwento kayo.

KORO: INA

May lumang kuwento tungkol sa utusang
Nakakulong sa mataas na tore,
Na hindi pinalalabas tuwing Linggo para maglibang,
O pinauuwi sa kanyang pamilya tuwing bakasyon,
Ganito rin ang buhay ng kanyang magulang,
At ng magulang ng kanyang magulang,
Mga utusang kumakayod sa loob,
Nilalapastangan sa loob, nabubuhay
At namamatay sa loob.

NANAY:

"Ayokong maging ganito ang aking mga anak,"

KORO: INA

Isang araw, noong hindi nakatingin ang
Kanyang mga amo, bumuwelo ang utusan, tumalon

Sa bintana ng pinakamataas na palapag.

Ang kakatwa lamang ay hindi siya lumagapak

Sa lupa, hindi rin  lumipad papunta sa langit.

Huminto ang utusan sa pinakagitna,

Sa pagitan ng taas at baba, hangin lamang

Ang bumibigkis.  Huminto ang oras,

At nagtaka ang mga tao sa utusang

Habambuhay na nakabitin, hindi alam

Kung aalagwa o bubulusok.

TAGAPAGTAWID:

Sayang, sapagkat kuwento lamang iyon.

Kuwento ng iba, sa ibang lugar at panahon.

*Papasok ang mga Diyos at ang Taong nasa anyo ng college student. May mga pasa siya at dugo sa damit, nakakadena ang paa.*

DNM:

Diyos ng Wala?

DNW:

Ano iyon, Diyos ng mayroon?

DNM:

Sa ating sansinukob na maraming mundo, ano ba ang pinaglalabanan para mapatunayang totoo ang karanasan niya, na may nangyari?

DNW:

Aba, siyempre, kung walang katawan, kung walang pruweba, walang katotohanan, walang nangyari! Kung walang larawang humuli, walang kuwento, walang katotohanan. Hashtag POIDH—Pics or It Didn’t Happen!

DNM:

Ang patunay na pinakakamukha ng tunay na buhay.

DNW:

Kung may rehistro sa pandama, walang hindi totoo.

*Magsasalita ang Estudyante.*

Estudyante:

Taga-UP din daw siya. Tinanong ko kung ano ang course niya,

DIYOS NG MAYROON AT ESTUDYANTE:

Sociology.

ESTUDYANTE:

sabi niya. Hindi siya makapagtanong pero sinabi kong Sports Science naman ako.  Nanginginig siya, umiiyak.  Huwag kang umiyak, sabi ko  Nakita niya ang mga pasa saka sugat ko.  Ayos lang ako, ikaw din, magiging maayos ang lahat.  Niyakap niya ako, nanginginig siya.

DIYOS NG MAYROON AT ESTUDYANTE

Buntis ako.

ESTUDYANTE:

Sabi niya.

DIYOS NG MAYROON A ESTUDYANTE:

Ayokong mamatay dito ng baby ko.

ESTUDYANTE:

Nanginig din ako.Doon uli sila pumasok, sila, mga lima o pito.  Kinaladkad nila kami, palabas doon sa may mga damo, may siga sa malapit, lata ng beer sa tabi.  Doon sila nagbunutan, kung sino sa amin ang mauuna, kung sino sa kanila ang mauuna.

Buntis po siya, huwag po!  Estudyante lang po kami!  Sumisigaw ako, paulit-ulit, hanggang sa sapakin nila ako sa bibig o sa suso, matatahimik ako.  Paulit-ulit, nagpalabunutan sila. Pagkatapos nila sa akin, inihian nila ako saka binuhusan ng natirang beer.  May isa, tinapat ang lata ng beer sa apoy, pagkatapos ay dinikit sa binti ko.

DIYOS NG WALA AT ESTUDYANTE

Markado na kita,

ESTUDYANTE:

Sabi niya. Siya, kakakilala ko pa lang sa kanya, hindi na siya gaanong kumikilos. Nakita ko ang isa sa mga pumila sa amin, kumuha ng kahoy sa siga, pagkatapos, pagkatapos, sinaksak niya yung kahoy sa ari ng kasama ko! Huwag po! Tama na po! Ma! Mama!

NANAY:

Hanapin ninyo ang anak ko!

ESTUDYANTE:

Nawalan ako ng malay. Ikukuwento ko sanang napanaginipan ko sila ng baby niya, pero ako na lang ang tao sa kuwarto noong nagkamalay ako.

ASAWA:

My family, my family is the best persons in the World. Yun lagi ang sagot ko pag natatanong ako sa mga contest e. I miss my family.

Tinawagan ko sila minsan, Tay, Nay, natatakot po ako, Nay, Tay, hindi ko na kaya, Nay, Tay, may sasabihin ako pag bumisita ako. Nay, Tay? Isang araw, wala nang sumasagot.

His friends' wives, nagtatanong sila, saan ka lumaki?  Sinasagot ko dati, sa Bulacan, I grew up there with my family.  *(maiiyak pero pipigilan)*  Pero wala na sila doon, sinasabi ko.  May brothers and sisters ako pero I don't talk to them anymore, busy siguro, you know, baka sumunod na rin sila sa parents ko, ewan ko, alam nyo naman tayo di ba.  Tapos tatawa kami, tatawa nang tatawa.  Tatawa nang tatawa hanggang di na namin mapansin na naglolokohan lang kaming lahat.

*Ang Taong nasa anyo ng magsasaka ay makikita sa isang bahagi ng performance space.*

MAGSASAKA:
Naririnig ko sila pero nagkukunwari akong tulog.  Mas mabuti nang magtulug-tulugan kesa tulog habambuhay.  Sumisigaw sila, mga babae.  Huwag daw, buntis ang isa.  Naisip ko ang girlfriend ko.  Buti, hindi siya kasama dito.  Buti magkalayo kami.  Sana hindi siya magaya sa kanila.

*Ilalabas ng Tagapagtawid ang BUWANG.*

TAGAPAGTAWID:
Masuwerteng araw ninyo ngayon!

INA:
Anong suwerte ang  aming mapapala gayong may isang gaya naming nilalapastangan?

TAGAPAGTAWID:

Hindi ko alam ang iyong sinasabi.

*Pipiglas ang Ina at lalapit sa Buwang*

INA:

Anak, anak, huwag kang mag-alala, tutulungan ka namin.

*Mawawala ang pagkayanig ng Buwang, titingnan ang Ina.*

BUWANG:

Tumingala ka, Ina, huwag kang yumuko pagkat wala kang ginagawang dapat ikahiya. Nalalapit na ang araw, magliliwanag din ang lahat!

BUWANG:

Nakikita kita.

TAGAPAGTAWID:

Nakikita mo ako.

KABIYAK:

Isang bagong-dating, pamilyar na hindi.

MUTYA:

Nasa dulo ng dila at nasa malayong likod ng isip.

BUWANG:

Ang Ina, ang Kabiyak, Mutya. Nakikita ko kayo! Nakikita ko kayo! *(yayakap nang mahigpit)*. Ay, mapalad, napakapalad! *(may makikita sa malayo)* Sila, nakikita ko sila! Silang mga Diyos at nag-aastang Diyos! Nakikita ko kayo! Huwag kayong magtago!

KABIYAK:

Paumanhin, pero wala siya sa tamang katinuan.

MUTYA:

Nasisiraan ng bait?

TAGAPAGTAWID:

Isang buwang!

*Papasok ang mga birtuwal na tauhan.*

KORO: DNW, DNM AT TAGAPAGTAWID

TAGAPAGTAWID:

Bumisita siya sa isang kaibigan,

Sa ibang lugar ito, sa ibang panahon.

KORO:

Ang kanyang kaibigan, nakakulong

Sa ospital para sa mga nasisiraan ng bait.

Sa mga baliw, sabi ng sarili niyang asawa.

Nababaliw na ang babaeng iyan.

INA:

Anak, makinig ka, nakikilala mo ba kami, ikaw, natatandaan mo ba kung sino ka?

TAGAPAGTAWID:

Ano ang tawag sa nilalang na nakikipag-usap sa Buwang? *(Aalis)*

BUWANG:

Maingay, napakaingay! Ang mga Diyos, ang mga Diyos ng mga Diyos. Ang kalawakan. Tingnan ang malawak na kawalan, may mga kisap ng tala, mga tala ng apoy na isa-isang sumasabog, pumapanaw.

*Makikita ang Dalawang Diyos na magkatabi. Ang isa ay nagsusulat ng liham sa papel, ang isa ay gumagamit ng computer o tablet.*

DNM:

mayroon nga bang koneksyon ang lahat?

DNW:

Kahit walang napanghahawakang sapot o sinulid, ganoon ba?

Hanggang walang nakakakita ng mga pisi, lahat ng iyan ay pawang mga kabuwangan lang.

*Makikitang naglalakad ang Nanay.  May hawak-hawak na papel ito.*

BUWANG:

Tinanong ko ang mga kapitbahay, nakita ba ninyo siya, nakausap ba ninyo?  Parang wala akong ibang kausap. Ang pananahimik, hindi ba ninyo naririnig? Hanapin ninyo ang anak ko.

KABIYAK:

Kaibigan, huminahon ka.

BUWANG:

Manahimik!  Manahimik, makinig!

Makinig, makinig sa mga pananahimik!

MAGSASAKA:

Nakita ko sya, walang damit, nakakadena ang paa, nakasabit nang patiwarik.  Hindi ako tumingin nang matagal, ayaw nila nang ganoon.

ASAWA:

Minsan tumutulong naman kami.  Nakikipag-usap, nanunuyo.  Sige na, sabihin mo na, mabait naman sila, basta umamin ka na lang.  Babae rin ako o, naiintindihan kita.

MAGSASAKA

Naaalala ko ang mga maliit na kuwento niya, noong nasa magkabilang kuwarto pa kami.

ESTUDYANTE AT MAGSASAKA:

UP Student,

MAGSASAKA:

Ang talino mo siguro.

ESTUDYANTE AT MAGSASAKA:

Taga-Bulacan.

MAGSASAKA:

Minsan pasyal tayo sa Laguna, papakilala ko ang girlfriend ko.

ESTUDYANTE AT MAGSASAKA:

Masarap  magluto ng manok at spaghetti ang nanay ko

MAGSASAKA:

matitikman mo pa rin iyon.

ESTUDYANTE AT MAGSASAKA:

Ayaw kong mamatay sa lugar na ito.

MAGSASAKA:

Hindi tayo mamamatay,

DIYOS NG WALA AT MAGSASAKA:

Kilala mo ba ako?  Hindi ka ba natatakot sa akin?

MAGSASAKA:

Hindi, sabi ko, hindi ko naman kasi kayo kilala.

DIYOS NG WALA AT MAGSASAKA:

Dapat kang matakot.

MAGSASAKA:

Sabi niya.

ASAWA:

Pinapanood ko siya, lumuluhod ang mga tao sa kanya.  Nanginginig ang mga tuhod.

MAGSASAKA:

Sabi niya,

DIYOS NG WALA AT MAGSASAKA:

Dito, ako ang Diyos.

*Saglit na katahimikan.*

KABIYAK:

Makinig sa pananahimik…pero paano..

BUWANG:

*(hahawak sa Kabiyak)* Makinig!

*Saglit na katahimikan.*

Hindi na…hindi na…hindi na….

*Susulpot sa isang bahagi ng performace space ang estudyante, magsasaka, nanay…*

TAO: NANAY, ESTUDYANTE AT MAGSASAKA

Hindi na…

Hindi na…

Hindi na…

Hindi na kami magkikita…

MUTYA, INA, KABIYAK

Nagkita

TAO: NANAY, ESTUDYANTE AT MAGSASAKA

Hindi na kami makakakain nang sabay…

MUTYA, INA, KABIYAK

Nakakain

TAO: NANAY, ESTUDYANTE AT MAGSASAKA

Hindi na kami makakauwi…

MUTYA, INA, KABIYAK

Nakauwi

TAO: NANAY, ESTUDYANTE AT MAGSASAKA

Hindi na..

Hindi na..

Hindi na

INA:

Ang mga hinaing…ang kanilang mga kuwento…

KABIYAK:

Sino silang mga nagpaparinig?

BUWANG:

Ang ating mensahero'y tagapagtawid ng kamatayan…at ang papel kong ginagampanan ay magtawid ng mga kuwento nilang nabubuhay.

MUTYA:

Iba't ibang buhay, iba't ibang "noon."  Hay, ngunit ayokong makinig, ayokong magbagong-itsura ang aking maskara.

BUWANG:

Patong-patong na mundo at patong na patong na maskara hanggang hindi na makilala ang isa sa isa sa isa.

TAGAPAGTAWID:

Walang noon, walang mga diyos,

Walang iba maliban sa mga ngayon

At ang mga naitakda nang hatol.

Ngunit, kung mayroon man, kung mayroon mang salaysay na naiiba, baka ibahagi ko ang kuwento ng mga bayani, silang mga naniwalang may ipinaglalaban, silang sumusunod, Silang napag-uutusan lamang.

Walang kamatayan basta matutong makipaglaro. Sana'y matuto silang lahat. Ako'y tagapagtawid lamang. Sana'y hindi ko sila itawid sa daan ng kamatayan.

*Magbabalik sa dating tindig.*

Mabuti't walang kamatayan, walang digmaan.

*magpapakita ang mga Diyos na binabantayan ang Estudyante at Magsasaka.*

ESTUDYANTE:

Alam ko, pag naghintay pa kami nang mas matagal, mamamatay kami.

MAGSASAKA:

Kaya naghintay ako ng tiyempo, noong naglalasing sila, nagkunwari akong tulog . Pinakiramdaman ko, hinintay hanggang malasing sila. Noong naghihilik na ang lahat. Doon ako kumilos, pinilit kong alisin ang isang kamay sa tali ko. Nailabas ko yung batong naitago ko, pinanghampas sa kadena sa paa at sa kandado sa pinto.

ESTUDYANTE:

May narinig ako, isang kaluskos, baka siya na yun, gaya ng pinag-usapan, darating siya, siya ang magbubukas…

MAGSASAKA:

Nakabukas ang pinto ng kuwarto niya.  Pumasok ako, wala siya.

Naghanap pa ako sa ibang mga kuwartong malapit, hindi ko siya nakita.  Umaandar ang oras, tumakbo ako, palayo, doon sa direksyon na walang mga bahay, hindi nila iisiping doon ako dadaan.  Ang dilim, napakadilim.

Pag nalampasan ko 'to, sabi ko sa sarili ko, ikukuwento ko sa lahat ang nangyari sa akin, sa amin.  Walang hindi makakaalam, pag nalampasan ko ito, sana malampasan ko ito.

BUWANG:

Ang mga Diyos, hinahatak nila ako, nilalayo sa lubid ng pusod, nilalayo sa sinapupunan, hindi, hindi ako makahinga, ibalik mo ako sa noon ng aking Ina!

KABIYAK:

Ang iyong kuwento ng "noon!"  Nakakahiyang pinagkukuwento mo kami ng aming mga noon gayong hindi man lamang namin ikaw tinanong, hindi pinakinggan.

DNW:

Diyos ng Mayroon?

DNM:

Ano iyon, Diyos ng Wala?

DNW:

Ano ang natatandaan mo tungkol sa unang Mayroon?

DNM:

Ang unang mayroon?

DNW:

Bago sa atin, kung mawala ang lahat ng ito at bumalik sa pinakaumpisa, ano ang makukuha natin? Hindi naman wala, hindi ba?

DNM:

Sa aking pagkakatanda, sa mga panahong nauna pa sa atin, mas nauna pa sa mga Diyos na nauna sa atin, at sa mga Diyos na nauna sa kanila, naroon ang dagat. At alaala.

DNW:

Dagat at alaala. Wala nang iba?

DNM:

At ano pa ba ang dapat mayroon? Isang walang hangganang elementong bumabalot sa sanlibutan, at walang katapusang mga hindi mapanghahawalang alaala. Mga noon ng noon ng noon, pilit hinuhuli at hinuhuli at hinuhuli…hanggang sa nabuo ang mga Diyos ng Diyos, at nabuo ang mga Diyos, at mga anak ng Diyos, ang mga nasa pagitan, ang Tao, ang nasa ilalim ng mga Tao.

DNW:

Wala sigurong kahit na sinong makakahuli sa lahat ng tubig at alaala at noon na nabuhay sa ating napakaraming mundo.

INA:

*(sa Buwang)* Alam mo na ang lahat ng ito, mas alam mo pa sa akin marahil.

BUWANG:

Oo, Ina, pero mas gusto kong sa iyo ito magmula.

INA:

Ang mundo ng "noon." Walang tiyak na edipisyo, walang tiyak na pananda. Walang iisang palasyo o sambahan, walang iisang tribo o pangalan…Ay, bakit hindi ko maipinta ang kabuuan?

Walang larawan o mukha, pero naroon ang mga kuwento.  Isa siyang sambayanan ng mga salaysay, itatala ang kanyang rikit at kahusayan sa mga aklat ng kasaysayan, pero hindi doon nagtatapos ang kanyang halaga…

Ang mga aklat ng kasaysayan, ang kanilang mga kuwento…alam ba ninyo ang pakiramdam na matakam sa pagkain o humanga sa makulay na tanawin ng isang lugar na hango sa mga aklat o sa salaysay ng mga minamahal, at ang pakiramdam ng unang pagkakataon na matikman ang pagkain o makatapak ka sa mismong lupaing dati'y tumakam at itinaguyod lamang sa imahinasyon?

MUTYA:
Ang pakiramdam na masilayan ang mukha na dati'y binabanggit lang sa mga alamat at kuwentong-bayan.

KABIYAK:
Ang pakiramdam ng pag-uwi, o uwian.

BUWANG:
Ang ligayang tumapak sa katotohanang ang kuwento ay hindi lamang kuwento, ito ay tunay na buhay.

*Mapapangiti ang tatlo,*

INA:

Ang digmaan.  Hindi ako malay sa kakampi at kaaway, kung sino ang sumakop at sino ang nilooban, kung saan nagsimula o kung paano natapos, kung natapos man.  Pero alam ko, natatandaan ko, ang sigaw ng taong sinusunog o hiniwa ng punyal o espada o sibat.  Ang lansa ng tahanang nagbaha sa dugo.  Ang iyak ng mga sanggol na naiwanan ng kani-kanilang mga magulang.  Ang panggagahasa, ang pagpunit ng mga laman at kaluluwa, ang paghiwa-hiwalay ng mga pagkatao sa iba't ibang panig ng daigdig, naririnig at nadarama ko sila.  Napakatagal na panahon, hindi ko matandaan ang umpisa at katapusan, sampung taon, labinglima, dalawampu, ikinahihiya kong hindi ko matandaan at maipinta ang buong larawan!

KABIYAK:

Ituloy mo, Ina.

MUTYA:

Nakikinig kami.

BUWANG:

Naniniwala kami.

INA:

Pagkukulang ko, patawad, ang hindi magagap ang kanilang mga pangalan, pero batid ko, natatandaan ko, na sa mundong aking kinagisnan ay may halaga ang bawat pangalan. Ang bawat nilalang na inaangkin ng digmaan ay kinikilala, binibigyan ng ngalan ang mga puntod, binibigyan ng marangal na ritwal at marangal na himlayan. Sila'y tao, may kasaysayan at may mga ugnayan.  Isang mapagmahal na anak…

Kinikilala ang kanilang pangalan, ang kanilang salaysay, taun-taon, sa mga ritwal ng pag-alala. Pagkat dapat silang alalahanin.  Dapat silang manatiling buhay.

*Magpapakita ang mga Diyos.*

DNM:

Mayroon nga kayang maibabago kung kamay na natin ang naglatag ng kapalaran?

DNW:

Kung wala silang namalas sa atin maliban sa sakit, baka karapatan naman nila ang maghanap ng ibang palad.

*Papasok ang Tagapagtawid.*

TAGAPAGTAWID:

At ang lahat ay naging buwang!

BUWANG:

Maging matatag, Ina.

TAGAPAGTAWID:

Narito na, ang inyong “ngayon.”

*Hahatakin ang Tao na College Student, sugatan, may piring sa mata at nakatali ang bibig, nakatali ang paa at kamay. Tatayo siya bilang BINHI.*

INA:

Sino siya?

TAGAPAGTAWID:

Sino siya?

MUTYA:

Napakarami niyang sugat sa katawan.

KABIYAK:

Isang bagong dating, isasama ba siya sa ating hatol?

TAGAPAGTAWID:

Sino siya?

INA:

Hindi ko maunawaan ang iyong mga laro!

TAGAPAGTAWID:

Sino siya?  Sino kayo?  Ayun nga ang laro!  Tandaan lamang ninyo, ako'y Tagapagtawid lamang, ito ang aking papel.

INA:

At siya, ano ang kanyang gagampanan?

TAGAPAGTAWID:

Sa ngayon, siya ay isang Binhi, uusbong o makikitil depende sa itatakda ng mga Diyos, at ikaw, Ina, masuwerteng araw mo ngayon, pagkat ikaw ang magsusuot ng maskara ng mga Diyos!

INA:

Hindi kita maunawaan!

TAGAPAGTAWID:

Ang iyong ngayon, mahal na Ina!  Ang maging Diyos sa mga kasama mong may pamilyar at napakinggang kuwento, at sa kanyang bagong-dating, wala pang bakas ng salaysay sa iyong pandinig at isip.

*Astang nasasakal o naninigas ang BUWANG, KABIYAK, MUTYA.  Parang sinaniban ng kapangyarihan.*

KABIYAK:

Hindi ako makagalaw.

MUTYA:

Ang hangin, naninikip.

INA:

Anong madilim na kapangyarihan ito?

TAGAPAGTAWID:

Ang lahat ay may maskara, may avatara, ikaw Ina, ang may avatara ng Diyos sa ngayon! Sino ang aking paglalahuin *(maglalabas ng maskara na kamukha ng ibang tauhan, itatapat sa mukha ng Binhi, parang maaapektuhan ang bawat tauhang may katapat na maskara na ilalagay sa binhi).* Ang Buwang na walang ibang kuwento kundi mga kuwentong kabaliwan lamang?

BUWANG:

Maging matatag, Ina. Hindi ito ang pagwawakas!

TAGAPAGTAWID:

O ang Kabiyak, ihulog natin sa kawalan, maglalaho habambuhay?

KABIYAK:

Mahal na Ina, paumanhin, pero gusto ko pang makauwi at mabuhay, huwag ako ang piliin pakiusap!

INA:

Tigilan na ang mga laro!  Hindi paligsahan ang buhay ng may buhay!

TAGAPAGTAWID:

Hindi ikaw ang Diyos na magtatakda niyan!  Ina, mamili ka, siya ba, o ang kasamang may magandang mukha at masamang dila?  Nasusuklam ka sa kanya, halina, paglahuin natin siya!

MUTYA:

Kung anuman ang iyong desisyon, nauunawaan ko, gagawin  ko rin ito sa iyo kung may pagkakataon!

TAGAPAGTAWID:

Inang Diyos!  Diyos na Ina!  Ano na ang iyong pasya?

INA:

Anong kabaliwan ito!

TAGAPATAWID:

Hindi kabaliwan kundi biyaya!  Ikaw ang pipili ng kanilang kapalaran?  Hay napakasuwerteng nilalang!

*Matataranta ang ina sa nakikitang eksena.  Pinapalit-palitan ng mukha ang Binhi at naaapektuhan ang sinumang maskara na itatapat sa mukha niya.*

INA:

Hindi, hindi ako makakapili, lahat sila ay may halaga, hindi ako ang magtatakda, hindi ako Diyos.

TAGAPAGTAWID:

Ngunit ikaw nga!  Ang Diyos na magpapatuloy ng salaysay, silang mayroon nang kuwento, at siyang hindi pa?  Sino ang mas mahalaga, mamili Ina, Inang Diyos, Diyos na Ina mamili ka!

INA:

Ayoko, ayokong magtakda!

TAGAPAGTAWID:

Hindi iyan ang iyong papel.  Kasalanan mo rin, naghanap ka ng mga “noon,” naghanap ka ng mahalaga, sige, tutulungan kita, tutulungan kita Ina!

*Magsasalita ang Buwang habang namimili ng maskara ang Tagapagtawid.*

BUWANG:

Huwag lumuha, Ina, mga kapatid.  Darating ang araw, at uusbong ang mga bagong salaysay.

TAGAPAGTAWID:

*(Sa Binhi)* Sandali na lang, maglalaro lang tayo ha?  Magbibilang lang tayo, heto na…*(sa Ina)* Inang Diyos, heto na ang nakatakda!  Isa!  Dalawa!  Tatlo!

*Magdidilim at sisigaw ang lahat.  Pagliwanag ng entablado ay nakahiga ang Buwang, Kabiyak, Mutya, ang Ina ay makikitang maghahagilap, maiiyak sa makikitang pagkawala ng Binhi.*

TAGAPAGTAWID:

Ang tauhang walang noon. Mabuti na rin.  Aminin mo man o hindi, mahal na Ina, siya rin ang pipiliin mo, kung ikaw ang Diyos.

Kabiyak:

Pinatay mo siya.

TAGAPAGTAWID;

Wala na siya.

KABIYAK:

Pinatay, winala, kung anuman, paumanhin, pero ganyan din ba ang gagawin mo sa amin?

TAGAPAGTAWID:

Itatawid ko ang hatol na ipinapatawid sa akin, iyon ang aking papel.

KABIYAK:

Nanggigigil ako sa mga sama ng loob na hindi ko masabi, pagkat ako'y nasisindak, natatakot para sa sariling kaligtasan. Dahil paumanhin, pero sa akin ay mas mabuti pang malamang patay ka kesa sabihing nawawala ka.

MUTYA:

Dumating na ba ang aming gagampanang papel?  Pagkat handa na ako, handa na akong umalis, kahit saan, huwag lang dito.  Mahirap manatiling maganda sa lugar na ito.

TAGAPAGTAWID:

Handa na ang lahat maliban kung may iba pa kayong hinahanap.

INA:

Walang maghahanap sa nawawala, iyon ang sabi mo.

TAGAPAGTAWID:

Isa kang matalinong ina.

KABIYAK:

Saan tayo dadalhin?

BUWANG:

Ang ating magkakaibang ngayon "ngayon."

TAGAPAGTAWID:

Ang iyong ngayon, at ang kanila.  Halina.

*Ihahatid sa magkakaibang direksyon ang mga babae habang naglalabas-pasok ang mga birtuwal na tauhan.  Huling ihahatid ang Ina, magkakatinginan ang Ina at Tagapagtawid.*

TAGAPAGTAWID:

May nais ka pang sabihin, sa mga Diyos kahit wala namang Diyos?

INA:

Ay, Tagapagtawid, may Diyos, alam ko, nakasisiguro ako.  Nakita ko ang mga kamao nila ngayon.  Wala itong laman, wala maliban sa panglatay ng aking sakit, at walang-hanggang poot na hindi iginawad sa iba maliban sa amin.  Kami na nanalangin bagaman hindi pinakinggan. Hahayo kami, ipapanalanging ang mga yumao ay ilibing sa maayos na libingan, kilalanin sa bawat araw ang pagkawala.  At sa aming buhay pa, nawa'y huwag mabuhay at husgahan ng kapalaluan, nang di mabura o mapatungan.

TAGAPAGTAWID:

Paalam, Ina, Kabiyak, Mutya, Buwang.  Paalam, at pakikiramay para sa atin lahat.

*Magdidilim at maririnig ang mga tunog na narinig sa umpisa ng dula.  Lalabas ang mga tao nang halinhinan.*

KORO: DNW, TAGAPAGTAWID

Suwerteng araw ninyo ngayon.

ASAWA:

No regrets.  Tama naman siya e, and I'm proud of my husband.  Trabaho naman talaga nila ang maglinis.  And of course, my role as his wife is to support him in my own little beautiful way. Sabi nga niya, siya ang Marcos, and I'm his Imelda.

KORO: DNW, TAGAPAGTAWID

Suwerteng araw ninyo ngayon.

MAGSASAKA:

Malaya na ako, pero hindi malaya.  Maghubad lang ng uniporme ang sundalo at kunin ako bigla, mawawala na uli ako.

KORO: DNW, TAGAPAGTAWID

Swerteng araw ninyo ngayon.

NANAY:

Magkikita rin tayo, anak.  Konting kembot na lang, sabi mo.  Hanggang ngayon, naniniwala ako.

Konting kembot na lang.

*Saglit na katahimikan bago lumabas ang mga Diyos.*

DNM:

Isang pagtipa, pagkapa; Isang tiktik ng pag-click; paghagod, paghipo; sa huli, pagsasalita.

DNW:

Ito ang ating ating lagusan, pintong kinakatok, bintanang binubuksan,  Ang mundo ng mga salaysay.

DNM:

Diyos ng Wala?

DNW:

Diyos ng Mayroon.

DNM:

Sa anong durungawan magiging ganap ang ating pagsasalaysay?

DNW:

Sa Kaos, kaibigan, laging dito bumabalik ang kaayusan.

*Sa ilang bahagi ng performance space ay makikitang umaaligid ang silhouette ng Ina, Kabiyak, Buwang, Mutya, hindi sila makikita nang buo. Sa isang panig ay susulpot-sulpot ang Tagapagtawid.*

TAGAPAGTAWID:

Ang tatlong yugto sa Palabas ng pag-aabang:

Unang yugto

ASAWA, NANAY, INA:

Ang pag-alala at pag-aalala,

TAGAPAGTAWID:

Ikalawang yugto,

ESTUDYANTE AT MAGSASAKA:

Ang panibugho,

TAGAPAGTAWID:

Ikatlong yugto;

ESTUDYANTE, MAGSASAKA AT NANAY INA:

Ang pagtanggap,

Hindi lamang siya nawawala, siya'y wala na,

Wala na siya, WALA NA SIYA.

TAGAPAGTAWID:

Uulit-ulitin ang palabas, hanggang sa may magbalik,

DNW AT DNM:

Isang paulit-ulit na panganganak

At pagbabalik ng iniluwal sa sinapupunan.

TAGAPAGTAWID:

Paulit-ulit.  Panganganak.  Pagbalik.  Sa sinapupunan.

WAKAS